SJIF Impact Factor 2022: 8.197| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 7 | Issue: 7 | July 2022 - Peer Reviewed Journal

# DULOG EKLEKTIK MODYULAR: TUNGO SA KASANAYAN SA PAGSULAT SA BAGONG NORMAL NA EDUKASYON

**Ethel T. Rapliza**

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra10835
**DOI No: 10.36713/epra10835**

**ABSTRAK**

*Nilayon ng pag-aaral na masuri ang kabisaan ng Dulog Eklektik Modyular tungo sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Baitang 9 ng Baliangao School of Fisheries taong panuruan 2020-2021 sa pamamagitan ng (1)pagtukoy ng propayl ng mga mag-aaral bilang mga independent baryabol tulad ng edad, kasarian at ekonomik istatus ;(2) pagsuri sa lebel ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa panimula at pangwakas na pagtataya alinsunod sa pagbabaybay, pagbabantas at paggamit ng salita ; (3) pagtukoy sa makabuluhang pagkakaiba ng performans ng mga mag-aaral sa panimula at pangwakas na pagtataya patungo sa bawat independent baryabol; at (4) pagsukat sa kabisaan ng Dulog Eklektik Modyular ayon sa pag-unlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Natuklasan sa pag-aaral na mayroong makabuluhang pagkakaiba ang performans ng mga mag-aaral sa panimula at pangwakas na pagtataya at natukoy na walang makabuluhang pagkakaiba ang edad at ekonomik istatus ng mga mag-aaral sa kanilang performans sa dalawang pagtataya subalit nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba ang performans ng babae at lalake sa pangwakas na pagtataya sa pagsulat ngunit hindi nagkakaiba sa panimulang pagtaya. Napatunayan rin ng pag-aaral na ito na talagang may kabisaan ang Dulog Eklektik Modyular sa pagpapaunlad ng kasanayang pasulat ng mga mag-aaral sa bagong normal na edukasyon. Dahil sa resulta ng pag-aaral, iminumungkahi ng mananaliksik na gamitin ng mga guro ang nabuong modyul ng mananaliksik bilang interbensiyon tungo sa kasanayan sa pasulat ng kanilang mga mag-aaral sa distance learning ng bagong kalakaran ng edukasyon.*

**SUSING-SALITA**:*Dulog Eklektik Modyular, lebel, kasanayan, pagbabaybay, pagbabantas at paggamit ng salita.*

## PANIMULA

Isinasaad bilang pangkalahatang layunin ng Kurikulum na K to 12 ang makalinang ng isang buo at ganap na Filipinong may kapaki-pakinabang na literasi. Dahil dito, kailangang mahubog sa bawat mag-aaral ang mga pangunahing kasanayan tulad ng pagsulat upang mapakinabangan sa mas makabuluhang tunguhin. Kaya naman ang pagkakaroon ng mababang kasanayan ng mga mag-aaral sa makrong pasulat ay hamon sa pagtamo ng isinaad na layunin. Samantalang ang pagsasagawa ng mga hakbang na magpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral ay maituturing na pangangailangan na kailangang maisakatuparan. Gayunpaman, ang pagbabago ng kalakaran ng edukasyon at pagpapatupad ng "*distance learning*" bunsod ng pandemya na kasalukuyang kinahaharap ng buong daigdig ay nagbibigay hamon naman sa mga guro sa pagpapaunlad ng batayang kasanayang ito ng mga mag-aaral. Kaya ang pag-aaral na ito ay isang pagtatangka sa pagpapaunlad ng kasanayang pasulat ng mga mag-aaral gamit ang Dulog Eklektik Modyular.

Nakatutulong at lumabas na epektibo ang eklektik na dulog sa kahandaan ng guro sa pagtugon ng pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagkatuto (Suleman 2016 at Kaur 2014) dahil malaya ang guro na gumamit ng "*best techniques and strategies"* mula sa kilalang dulog (Siddiqui 2012). Batay sa pag-aaral na isinagawa ni Joel Mabalhin (2010), mas mataas ang iskor sa pagsulat ng mga mag-aaral na ginagamitan ng Eklektik kaysa mga tradisyunal na pagdulog. Kaya ang mga guro ay inaasahang pipili ng estratehiya at pamamaraan na nakabatay sa layunin at pangangailangan ng klase (Nivera 2009).

Napuna ng mananaliksik ang kakulangan ng mga kagamitang pampagtuturo na magagamit ng mga guro sa pagpapaunlad ng kasanayang pasulat ng mga mag-aaral (Bruma at Marbella 2019). Dagdag pa nito, napakaliit lamang ang bilang ng mga guro na gumagamit ng SIM o Strategic Intervention Material bilang pamamaraan sa paglilinang at pagpapaunlad ng mga batayang kasanayan ng mga mag-aaral. Bukod rito, napakaliit lamang din ang bilang ng mananaliksik na sumiyasat at sumubok ng Dulog Eklektik bilang dulog tungo sa pagsulat.

SJIF Impact Factor 2022: 8.197| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 7 | Issue: 7 | July 2022 - Peer Reviewed Journal

Kaya bilang pagtugon sa mga napunang puwang ng pag-aaral, gagamitin sa kasalukuyang pananaliksik ang isang modyul na isang SIM na nabuo ni Ethel T. Rapliza bilang inobatibong pamamaraan tungo sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Nakapaloob sa modyul ang dulog Eklektik tungo sa pagsulat gamit ang pinagsanib naman na proseso at produktong pamamaraan ng mga gawaing pampaglilinang ng kasanayang pasulat ng mga mag-aaral. Tatangkain sa loob ng pag-aaral na ito ang pagpapaunlad ng kasanayang pasulat gamit ang pamamaraang modyular bilang kasalukuyang pamamaraang ipinapatupad ng Baliangao School of Fisheries kaugnay ng bagong normal na kalakaran ng Edukasyon. Susuriin sa kasalukuyang pananaliksik kung maiaangat ba ng Dulog Eklektik-Modyular ang mababang kasanayang pasulat ng mga mag-aaral sa pangkat Crab ng Baitang 9 ng paaralan.

## LAYUNIN

Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang kabisaan ng Dulog Ekelektik Modyular tungo sa pagpapaunlad ng kasanayang pasulat ng mga mag-aaral sa pangkat Crab ng Baitang 9 ng Baliangao School of Fisheries taong-panuruan 2020-2021.

Partikular sa pagtukoy ng propayl ng mga mag-aaral bilang mga independent baryabol tulad ng edad, kasarian at ekonomik istatus. Masuri ang lebel ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa panimula at pangwakas na pagtataya alinsunod sa pagbabaybay, pagbabantas at paggamit ng salita at matukoy ang makabuluhang pagkakaiba nito sa bawat independent baryabol at sukatin ang kabisaan ng Dulog Eklektik Modyular ayon sa pag-unlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat.

## DISENYO NG PANANALIKSIK AT PAMAMARAAN

Ang disenyo ng pananaliksik na ito ay quasi-experimental na gumagamit ng one-group pretest-posttest. Ang 31 bilang na respondante ay napili sa pamamagitan ng convenient sampling dahil sa pagiging aksisibol ng pangkat na ito sa modyular na pamamaraan ng pagtuturo. Kinalap ang propayl ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng secondary data analysis na nagmula sa LESF o Learner's Enrollment Survey Form ng paaralan.Samantalang tinukoy ang lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa panimula at pangwakas na pagtataya gamit ang pasulat na awtput ng mga mag-aaral.

Gamit ang hinalaw na pamantayan sa pasulat na pagmamarka ng Kagawarang ng Edukasyon sa Kautusang Pangkagawaran *(DepEd Order)* Blg. 31, serye 2012, sinuri ang pasulat na awtput ng mga mag-aaral mula sa kanilang panimulang pagtataya at pangwakas na pagtataya. Ang paraan ng pagmamarka na ginamit ay binubuo ng 5 point rating scale na rubric na sumsaklaw sa limang antas ng kasanayan na binubuo ng *B-Beginning* (1.00-1.49) **,** *D-Developing* (1.50-2.49)**,** *AP-Approaching Proficiency* (2.50-3.49) **,** *P-Proficient* (3.50-4.49) at *A-Advanced* (4.50-5.00) . Ginamit naman sa pagtukoy ng kabisaan ng Dulog Eklektik Modyular ang pamantayan na binubuo ng *Walang Kabisaan* (1.00-1.49) **,** *Di-gaanong may Kabisaan* (1.50-2.49)**,** *May Kabisaan* (2.50-3.49) **,** *Talagang May Kabisaan* (3.50-4.49) at *Labis-labis ang Kabisaan* (4.50-5.00) .

Ginamit bilang istatistikal tools ang frequency count, weighted mean, percentage distribution, Mann-Whitney at Kruskal-Wallis Non-parametric tests sa pagsusuri at pagbibigay ng interpretasyon sa mga datos.

## RESULTA AT TALAKAYAN

Karamihan sa mga respondante ay may edad na 14-15 (27) kung saan 52% ay babae habang 48% naman ay lalake at 87% sa kanila ay may mababang ekonomik istatus habang ang natitirang 13% ay nasa katamtaman lang.

Natamo ng mga respondante (n=31) ang lebel na D-Developing sa tatlong aspekto na sinukat sa panimulang pagtataya sa pagsulat na may kabuuang weighted mean na 1.73. Makikita ang datos na ito sa ibaba.

**Talahanayan 1**
**LEBEL NG KASANAYAN SA PAGSULAT NG PANGKAT CRAB BATAY SA PANIMULANG PAGTATAYA**

| SANGKAP SA PAGSULAT NA TINAYA | MEAN | PAGLALARAWAN |
|---|---|---|
| **a.Pagbabaybay ng Salita** | **1.93** | *Developing (D)* |
| **b.Paggamit ng Bantas** | **1.64** | *Developing (D)* |
| **c.Paggamit ng AngkopnaSalita** | **1.61** | *Developing (D)* |
| KABUUAN | **1.73** | ***Developing (D)*** |

Tinukoy ang makabuluhang pagkakaiba ng antas ng kasanayang natamo ng mga mag-aaral sa pagitan ng edad at iskor ng mga mag-aaral sa panimulang pagtataya ng pagsulat. Batay sa resulta ng Kruskal-Wallis Non-parametric Test of Significant difference sa performans ng edad 14,15,16,17 sa panimulang pagtataya sa pagsulat gamit sa 0.05 na level of

SJIF Impact Factor 2022: 8.197| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 7 | Issue: 7 | July 2022 - Peer Reviewed Journal

Significance ang P-value na 0.194 ay lumagpas sa 0.05 na level of significance, kung kaya ang null haypotesis ay hindi nirejek. Ibig sabihin, ang performans ng edad 14,15,16,17 sa panimulang pagtataya ay hindi makabuluhang nagkakaiba. Makikita ito sa talahanayan 2 na nasa ibaba.

**Talahanayan 2** Kruskal-Wallis Non-parametric Test of Significant difference sa performans ng edad 14,15,16,17 sa panimulang pagtataya sa pagsulat gamit ang 0.05 na level of Significance

| Variable | Median | Ave Rank | P-value | Decision |
|---|---|---|---|---|
| **Edad at Panimulang pagtataya** | Edad 14-1.667 | 18.0 | 0.194 | Fail to Reject Ho |
| | Edad 15-1.333 | 12.4 | | |
| | Edad 16-1.333 | 11.0 | | |
| | Edad 17-1.000 | 4.0 | | |

Tinukoy rin ang makabuluhang pagkakaiba ng performans ng babae at lalake tungo sa panimulang pagtataya at lumabas mula sa Kruskal-Wallis Non- Parametric Test of Significant difference na ang P-value na 0.507 ay lumagpas sa 0.05 na level of significance, kung kaya ang null haypotesis ay hindi nirejek. Ibig sabihin, ang performans ng babae at lalake sa panimulang pagtataya ay hindi rin makabuluhang nagkakaiba. Makikita ito sa talahanayan 3 sa ibaba.

**Talahanayan 3**Kruskal-Wallis Non-parametric Test of Significant difference sa performans ng babae at lalake sa panimulang pagtataya sa pagsulat gamit ang 0.05 na level of Significance

| Variable | Median | Ave Rank | P-value | Decision |
|---|---|---|---|---|
| **kasarian at Panimulang pagtataya** | Babae-1.667 | 17.1 | 0.507 | Fail to Reject Ho |
| | Lalake-1.333 | 15.0 | | |

Batay rin sa resulta ng Kruskal-Wallis Non-parametric Test of Significant difference sa performans ng mababa at katamtamang ekonomik istatus tungo sa panimulang pagtataya sa pagsulat gamit ang 0.05 na level of Significance, wala ring makabuluhang pagkakaiba ang ekonomik istatus ng mga respondante sa kanilang performans sa panimulang pagtataya sa pagsulat sapagkat ang P-value na 0.696 ay lumagpas sa 0.05 na level of significance. Makikita ito sa talahanayan 4 sa ibaba

**Talahanayan 4** Kruskal-Wallis Non-parametric Test of Significant difference sa performans ng mababa at katamtamang ekonomik istatus tungo sa panimulang pagtataya sa pagsulat gamit ang 0.05 na level of Significance

| Variable | Median | Ave Rank | P-value | Decision |
|---|---|---|---|---|
| **Ekonomik istatus at Panimulang pagtataya** | Mababa-1.667 | 15.8 | 0.696 | Fail to Reject Ho |
| | Katamtaman-1.833 | 17.6 | | |

Dahil sa natamong resulta ng mga respondante sa panimulang pagtataya ng pagsulat, isinailalim ang mga mag-aaral sa isang interbensiyon ng pagsulat na Dulog Eklektik Modyular. Ang Dulog Eklektik Modyular ay isang modyul na kung saan binuo, inayos at hinanay sa pamamagitan ng pinagsanib na dulog na proseso at produkto sa pagsulat. Nakapaloob rin sa modyul ang mga araling pampagkatuto tungkol sa mga yugto ng pagsulat at mga aralin tungkol sa pagbabaybay, pagbabantas at paggamit ng salita. Kinapapalooban rin ito ng mga pagtataya,pagsasanay at gawaing pampagkatuto.

Sa loob ng tatlong linggong inilaan sa mga respondante, isinailalim ang mga respondante sa pangwakas na pagtataya. Batay sa resulta,natamo ng mga respondante ang kabuuang weighted mean na **3.47** sa pangwakas na pagtataya matapos ilapat ang Dulog Eklektik Modyular sa pagsulat at katumbas nito ang antas ng kasanayang na **Approaching Proficiency (AP)** sa pagsulat. Makikita ang datos na ito sa talahanayan na nasa ibaba.

SJIF Impact Factor 2022: 8.197| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 7 | Issue: 7 | July 2022 - Peer Reviewed Journal

**Talahanayan 5**
LEBEL NG KASANAYAN SA PAGSULAT NG PANGKAT CRAB SA PANGWAKAS NA PAGTATAYA

| SANGKAP SA PAGSULAT NA TINAYA | MEAN | PAGLALARAWAN |
|---|---|---|
| **a.Pagbabaybay ng Salita** | **3.39** | *Approaching Proficiency (AP)* |
| **b.Paggamit ng Bantas** | **3.52** | *Proficient (P)* |
| **c.Paggamit ng AngkopnaSalita** | **3.52** | *Proficient (P)* |
| KABUUAN | **3.47** | *Approaching Proficiency (AP)* |

Tinukoy muli ang makabuluhang pagkakaiba ng performans ng edad ng mga respondante tungo sa kanilang performans sa pangwakas na pagtataya. Batay sa Kruskal-Wallis Non-parametric Test of Significant difference sa performans ng edad 14,15,16,17 tungo sa pangwakas na pagtataya sa pagsulat gamit ang 0.05 na level of Significance, hindi makabuluhang nagkakaiba ang mga edad tungo sa performans sa pangwakas na pagtataya sapagkat ang P-value na 0.115 ay lumagpas sa 0.05 na level of significance, kung kaya ang null haypotesis ay hindi nirejek. Makikita ang datos na ito sa talahanayan 6 sa ibaba.

**Talahanayan 6** Kruskal-Wallis Non-parametric Test of Significant difference sa performans ng edad 14,15,16,17 sa pangwakas na pagtataya sa pagsulat gamit ang 0.05 na level of Significance

| Variable | Median | Ave Rank | P-value | Decision |
|---|---|---|---|---|
| **Edad at Pangwakas na pagtataya** | Edad 14-3.667 | 18.1 | 0.115 | Fail to Reject Ho |
| | Edad 15-3.000 | 10.3 | | |
| | Edad 16-3.333 | 14.3 | | |
| | Edad 17-3.000 | 3.5 | | |

Sang-ayon naman sa resulta ng Kruskal-Wallis Non-parametric Test of Significant difference sa performans ng babae at lalake tungo sa pangwakas na pagtataya sa pagsulat gamit ang 0.05 na level of Significance, mayroong makabuluhang pagkakaiba ang performans ng babae at lalake sa pangwakas na pagtataya sapagkat ang P-value na 0.000 ay nakapaloob sa 0.05 na level of significance, kung kaya ang null haypotesis ay nirejek. Makikita ito sa talahanayan 7.

**Talahanayan 7** Kruskal-Wallis Non-parametric Test of Significant difference sa performans ng babae at lalake tungo sa pangwakas na pagtataya sa pagsulat gamit ang 0.05 na level of Significance

| Variable | Median | Ave Rank | P-value | Decision |
|---|---|---|---|---|
| **kasarian at pangwakas na pagtataya** | Babae-3.667 | 21.6 | 0.000 | Reject Ho |
| | Lalake-3.333 | 10.8 | | |

Makikita sa talahanayan 7 na nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba ang performans ng babae at lalake tungo sa pangwakas na pagtataya sa pagsulat. Batay sa median score ng dalawang kasarian, mas angat ang mga babaeng mag-aaral ng performans sa pangwakas na pagtataya kaysa mga lalakeng mag-aaral.

Batay sa resulta naman ng Kruskal-Wallis Non-parametric Test of Significant difference sa performans ng mababa at katamtamang ekonomik istatus tungo sa pangwakas na pagtataya sa pagsulat gamit ang 0.05 na level of Significance, walang makabuluhang pagkakaiba ang mababa at katamtamang ekonomik istatus sa kanilang performans sa pangwakas na pagtataya. Ang P-value na 0.428 ay lumagpas sa 0.05 na level of significance, kung kaya ang null haypotesis ay hindi nirejek. Makikita ito sa talahanayan 8.

**Talahanayan 8** Kruskal-Wallis Non-parametric Test of Significant difference sa performans ng mababa at katamtamang ekonomik istatus tungo sa pangwakas na pagtataya sa pagsulat gamit ang 0.05 na level of Significance

| Variable | Median | Ave Rank | P-value | Decision |
|---|---|---|---|---|
| **Ekonomik istatus at Pangwakas na pagtataya** | Mababa-3.667<br>Katamtaman-3.667 | 15.5<br>19.1 | 0.428 | Fail to Reject Ho |

Sa pangkalahatan, tinukoy ang makabuluhang pagkakaiba ng panimulang pagtataya at pangwakas na pagtataya gamit ang Mann-Whitney Non-parametric Test of significant difference sa 0.05 na Level of Significance at lumabas sa resulta na may makabuluhang pagkakaiba ang resulta ng panimulang pagtataya sa pangwakas na pagtataya sapagkat ang p-value na 0.0000 ay mas mababa kaysa sa 0.05 na Level of Significance kung kaya, ang null haypotesis ay nirejek. Makikita ito sa talahanayan 9.

**Talahanayan 9** Mann-Whitney Non-parametric Test significant of difference sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat sa pagitan ng panimulang pagtataya at pangwakas na pagtataya gamit ang 0.05 na Level of Significance

| Baryabol | Median | Computed Test Statistic | P-value | Decision |
|---|---|---|---|---|
| **Pretest versus Posttest** | Pretest=1.6667<br>Posttest=3.6667 | 516.0 | 0.0000 | Reject Ho |

Makikita sa talahanayan 9 na mayroong malaking pagkakaiba ang performans ng mga mag-aaral mula sa panimulang pagtataya tungo sa pangwakas na pagtataya. Mula sa 1.6667 na median score ng mga mag-aaral sa panimulang pagtataya na walang nilapat na interbensiyon patungo sa 3.6667 na median score ng mga mag-aaral sa pangwakas na pagtataya matapos isailalim sa interbensiyon na DulogEklektik Modyular ang mga mag-aaral. Ibig sabihin, mayroong makabuluhang naidulot ang interbensyon na inilapat sa mga mag-aaral sa pangwakas na pagtataya upang matamo nila ang pag-angat na ito sa kasanayan sa pagsulat.

Dahil sa resulta ng pag-aaral, sinuri ng mananaliksik ang kabisaan ng Dulog Eklektik Modyular sa pamamagitan ng pagpapasagot ng mga respondanteng sumailalim dito ng ebalwasyon.

**Talahanayan 10** Kabisaan ng Dulog Eklektik Modyular sa Pagtuturo at Pagkatuto ng Pagsulat batay sa ebalwasyon ng mga Respondante

| Mga Indikeytor | Mean (N=31) | Deskriptibong Paglalarawan |
|---|---|---|
| **1. Sa pamamagitan ng Dulog Eklektik Modyular,natutunan ko ang mga yugto ng pagsulat.** | 3.35 | May kabisaan |
| **2. Sa pamamagitan ng Dulog Eklektik Modyular, napaunlad ang aking kasanayan sa pagbabay-bay ng mga salitang Filipino.** | 3.87 | Talagang May Kabisaan |
| **3. Sa pamamagitan ng Dulog Eklektik Modyular,napaunlad ang aking kasanayan sa paggamit ng bantas.** | 3.90 | Talagang May Kabisaan |
| **4. Sa pamamagitan ng Dulog Eklektik Modyular,napaunlad ang aking kasanayan sa paggamit ng angkop na salita.** | 3.67 | Talagang May Kabisaan |
| **5. Sa pamamagitan ng Dulog Eklektik Modyular,natutunan ko ang proseso ng pagsulat.** | 4.55 | Labis-labis ang kabisaan |

| | | |
|---|---|---|
| **6. Sa pamamagitan ng Dulog Eklektik Modyular,nagkaroon ako ng tiwala sa aking mga isinusulat dahil isinasaalang-alang na ng aking pasulat na produkto ang kaangkupan at kaayusan ng pagbabaybay, pagbabantas at gamit ng salita.** | 4.06 | Talagang May Kabisaan |
| Pangkalahatang Mean | **3.90** | **Talagang May kabisaan** |

Ipinakita ng Talahanayan 10 ang kabisaan ng Dulog Eklektik Modyular sa Pagtuturo at Pagkatuto ng Pagsulat ayon sa ebalwasyon ng mga respondante kung saan sumailalim sa isinagawang interbensyon. Batay sa anim na indikeytor na sinuri, natamo ang pangkalahatang mean na **3.90** na kung saan nakapaloob sa saklaw na 3.50 – 4.49 at may katumbas na deskriptibong paglalarawan na *Talagang May Kabisaan***.** Ibig sabihin, talagang may kabisaan ang Dulog Eklektik Modyular sa pagtuturo at pagkatuto ng pagsulat ng mga mag-aaral dahilan ng pag-angat ng kanilang performans sa pangwakas na pagtataya.

Bunga ng resultang ito ng pag-aaral, iminumungkahi ng mananaliksik na gamitin ng mga guro ang nabuong modyul ng mananaliksik bilang interbensiyon tungo sa kasanayan sa pasulat ng kanilang mga mag-aaral sa distance learning ng bagong kalakaran ng pagtuturo.

## MGA SANGGUNIAN

1. *K to 12 Gabay ng Kurikulum ng Sekundarya*
2. *Suleman, Q. (2016). Effects of Eclectic Approach on Students' Academic Achievement and Retention in English at Elementary Level. Journal of Education and Practice, Vol.7*
3. *Kaur, T., Kohli, T., Devi, T., (2014). Imapct of Various Instructional Strategies for Enhancing Mathematical Skills of Learning Disabled Children. J. Indian Association Child Adolescence Mental Health, Vol, 4 (1), 16-19*
4. *Siddiqui, M. (2012). A Comparative Study of Direct, Communicative and Eclectic Approaches in Teaching ESL. LITSEARCH, Vol 2 (1), 8-12*
5. *Joel Q. Mabalhin. Jennifer Marbas (2020) Eklektik na Dulog sa Paglinang ng Kasanayan sa Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Senior High .Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, Volume 8, No. 2, May 2020*
6. *Nivera, G. C. (2009). Curriculum and instruction: The Teaching of mathematics, Module 6.3.*
7. *Bruma R.Marbella F.(2019).Kabisaan ng Paggamit ng Strategic Intervention Material (SIM) sa Pagsulat sa Filipino-7. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research,Vol.7.No.1*